Wala Na Ang Banal Na Espiritu Sa Mga Simbahan

ANG MGA MANANAMPALATAYA AY KAILANGANG LUMISAN NA ***NGAYON*** *SA MGA SIMBAHAN (t.8-10)*

ANG PANGINOON AY MALAPIT NA

T. 1 Kung minsan ay gusto kong alamin kung ako nga ay iniligtas na ng Dios. Kung ako nga ay iniligtas na, paano ko malalaman?

S. Kung ikaw ay anak ng Dios, matatanto mo ang banal na katotohanang ito habang ikaw ay nagbabasa ng Biblia:

Ang Epiritu rin ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga anak ng Dios. (Mga Taga Roma 8:16)

Maging sa doktrina (kung ano ang iyong paniniwala) at ang iyong gawi o' kaugalian (paano ka namumuhay), ay tutugma ng tutugma sa paglalarawan ng Biblia kung ano nga ang tunay na anak ng Dios:

At sa ganito'y nalalaman natin na siya'y ating nakikilala, kung tinutupad natin ang kanyang mga utos. (I Ni Juan 2:3)

Kung ako'y inyong iniibig, tuparin ninyo ang aking mga utos. (Juan 14:15)

...yamang kayo'y nagsisisagana sa lahat ng mga bagay, sa pananampalataya, pananalita, at kaalaman, at sa buong kasipagan .... (II Mga Taga Corinto 8:7)

Makikita mo rin na ikaw ay napakaligaya habang namumuhay ka ayon sa katuruan ng **buong** Biblia:

Aking kinalulugurang sundin ang iyong kalooban, oh Dios ko: oo, ang iyong kautusan ay nasa loob ng aking puso. (Mga Awit 40:8)

Kung kayo nga'y muling binuhay na kalakip ni Cristo, ay hanapin ninyo ang mga bagay na nangasa itaas ...Ilagak ninyo ang inyong pagiisip sa mga bagay na nangasa itaas, huwag sa mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa. (Mga Taga Colosas 3:1a, 2)

Kung ikaw ay iniligtas na ng Dios, makikita mo ang tiyak at mahalagang pagbabago sa iyong sarili. Ang mga pagbabagong ito, o' **"bunga,"** ay hindi pangsamantala, kundi palagian, at laging lumalalago. Buong kababaang-loob mong makikilala na kahit na makatarungan at nararapat kang magdusa sa impiyerno, si Jesukristo, sa Kanyang malaking habag at pagmamahal, ang gumawa ng lahat ng gawa na kinakailangan para sa iyong kaligtasan. Dahil dito, ikaw ay mamumuhay na nagpupuri at nagpasasalamat sa Kanya para sa iyong kaligtasan. Lalo kang **lalago** sa pagmamahal sa salita ng Dios at magkakaroon ka rin ng **masidhing** pagnanais na maibahagi itong kahangahangang mensahe ng kaligtasan sa kahit kanino pa man. Ito ang **kasalungat** ng kung ano ka, kung hindi ka ligtas.

...Ang sabi ng Panginoon: nguni't ang taong ito ay titingnan ko, samakatuwid baga'y siyang dukha at may pagsisising loob, at nanginginig sa aking salita. (Isaias 66:2b)

…Gaya ng mga sanggol na bagong panganak, ay nasain ninyo ang gatas na walang daya na ukol sa salita, upang sa pamamagitan nito'y magsilago kayo sa ikaliligtas: Kung inyong napagkilala na ang Panginoon ay mapagbiyaya. (I Ni Pedro 2:2, 3)*

...Tayong mga patay na sa pagkakasala, paano nga tayong mabubuhay pa niyan? (Mga Taga Roma 6:2)

Kaya't kung ang sinoman ay na kay Cristo siya'y bagong nilalang: (II Mga Taga Corinto 5:17)

Bago naligtas, lahat tayo ay nagmamahal sa ating mga kasalanan, dahil tayo ay alipin ng kasalanan:

...Katotohanang, katotohanang, sinasabi ko sa inyo, Ang bawa't nagkasala ay alipin ng kasalanan. (Juan 8:34)

Kaya, kung ikaw ay ligtas, masusumpungan mo na namumuhi ka sa iyong mga kasalanan. Sa katapusan, sabi ng Biblia na ang bawa't kasalanan ay laban sa ating kataas-tasang Dios - *"Laban sa iyo, sa iyo lamang ako nagkasala, at nakagawa ng kasamaan sa iyong paningin ..."* (Mga Awit 51:4a).

Kung ikaw ay tunay na ligtas ang ibig sabihin nito ay, ang Dios sa kanyang pagmamahal sa iyo, ay hinirang ka at pinagpasiyahan na si Jesucristo ang magdusa ng walang hanggang kapahamakan alang-alang sa iyo - para sa bawat kasalanan na iyong gagawin. Pagkatapos ay binigyan ka ng bagong kaluluwa at buhay na walang hanggan minsan sa isang bahagi ng iyong buong buhay. Itong kaligtasang ito na ang Dios ang may gawa ay hindi maaaring mawala, at ang tao ay walang masasabi sa bagay na ito. Ang Dios ay magliligtas sa sino mang ibig niyang iligtas:

Ayon sa pagkapili niya sa atin sa kaniya bago itinatag ang sanlibutan, upang tayo'y maging mga banal at walang dungis sa harapan niya sa pagibig: (Mga Taga Efeso 1: 4)

Ako ay maaawa sa aking kinaaawaan, at ako'y mahahabag sa aking kinaahahabagan. (Mga Taga Roma 9:15)

Kung hindi ka ligtas, narito ang mga ilang pahayag na nauukol sa iyo:

Sinusubok ng PANGINOON ang matuwid: nguni't ang masama at ang umiibig ng pangdadahas ay kinapopootan ng kanyang kaluluwa. (Mga Awit 11:5)

Ang lakad ng masama ay kasuklamsuklam sa PANGINOON.... (Mga Kawikaan 15:9a)

Mabuting tandaan, na kung ikaw ay hindi ligtas sa mga oras na ito, ang Dios ay nagnanais na ikaw ay iligtas bago ka mamatay o' bago Siya bumalik muli. Kausap niya ang isa sa mga magnanakaw na kasama Niyang napako sa krus, ang sabi ni Jesus**:** *"Katotohanang sinasabi ko sa iyo, ngayon ay kakasamahin kita sa Paraiso"* (Lucas 3:43).

T2. Ngunit hindi ako makasalanan. Paanong tutugon ang mga taludtod na ito sa akin?

S. Ang ganap na kasakdalan ang siya lamang kasiyasiya sa Dios.

Kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal. (Mateo 5:48)

Kung ang Dios ay **nagliligtas** ng isang tao, hindi na muli niyang titingnan ang kasalanan ng taong iyon. Ang ligtas ay "ganap" sa paningin ng Dios. Subali't, ang taong hindi ligtas (LAHAT tayo sa pasimula ay hindi ligtas) ay totoong makasalanan sa harap ng Dios.

Sapagka't kaming lahat ay naging parang marumi, at ang lahat naming katuwiran ay naging parang basahang marumi; (Isaias 64:6a)

Ang puso ay magdaraya ng higit kaysa lahat ng bagay, at totoong masama: sino ang makakaalam? (Jeremias 17:9)

Sapagka't ang sinomang gumaganap ng buong kautusan, at gayon ma'y natitisod sa isa, ay nagiging makasalanan sa lahat. (Santiago 2:10)

T3. Kung ako ay sadyang napakasamang tao sa harap ng Dios, ano ang gagawin Niya sa akin?

S. Itinuturo ng Biblia na sa katapusan ng mundo, lahat ng hindi ligtas ay mapapailalim sa walang katapusang kaparusahan sa isang lugar na tinatawag na Impierno.

At kung ang sinoman ay hindi nasumpungang nakasulat sa aklat ng buhay, ay ibubulid sa dagatdagatang apoy. (Apocalipsis 20:15)

...sa pagpapakahayag ng Panginoong Jesus sa langit na kasama ang mga anghel ng kaniyang kapangyarihan, Sa pamamagitan ng nagniningas na apoy, Siya ay maghihiganti sa mga hindi nagsisikilala sa Dios at hindi nagsisitalima sa ebanghelyo ng ating Panginoong Jesus: Na siyang tatanggap ng kaparusahan, na walang hanggang kapahamakang mula sa harapan ng Panginoon sa kaluwalhatian ng kanyang kapangyarihan; (II Mga Taga Tesalonica 1:7-9)*

...ang usok ng hirap nila ay napaiilanglang magpakailan man: at sila'y walang kapahingahan araw at gabi.... (Apocalipsis 14:11a)

T4. Iyan ay kakilakilabot! Bakit lilikha ang Dios ng Impierno?

S. Ang Impierno ay kakilakilabot, at ito ay totoo. Ang kasakdalan ng katarungan ng Dios ay humihingi ng kabayaran ng kasalanan. Dagdag dito, sa pasimula pa nilikha ng Dios ang tao na may kapananagutan sa Kanya para sa kanyang mga kilos .

Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan.... (Mga Taga Roma 6:23a)

At sinasabi ko sa inyo, Na ang bawa't salitang walang kabuluhang sabihin ng mga tao ay ipagsusulit nila sa araw ng paghuhukom. (Mateo 12:36)

T5. Kung ako ay ligtas, ako ba ay makakaiwas sa impierno?

S. Ikaw ay **hindi kailan pa man** haharap sa kahatulan ng Dios, kung ang Dios, sa pagkatao ni Jesucristo ang siyang naging kahalili mo na magdusa ng kaparusahang walang hanggang kapahamakan dahil sa iyong kasalanan. Kataka-taka kung wawariin, na ang Dios mismo sa katauhan ni Jesucristo ay pumunta dito sa lupa upang siyang magbata' ng galit ng Dios Ama para sa lahat ng kanyang mga tao.

Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang ...siya'y nabugbog dahil sa ating kasamaan: ang parusa ng tungkol sa ating mga kapayapaan ay nasa kaniya ...at sa pamamagitan ng kanyang mga latay ay nagsigaling tayo. (Isaias 53:5)

Yaong hindi nakakilala ng kasalanan ay kaniyang inaring may sala para sa atin: upang tayo'y maging sa kaniya'y katuwiran ng Dios. (II Mga Taga Corinto 5:21)*

T6. Kung ako ay mananampalataya kay Jesukristo, ako ba ay ligtas?

S. Oo - kung talagang totoong **kinusa** ng **Dios** na ikaw ay manampalataya (iyon ay magkaroon ka ng pananampalataya) sa Kanya. Ang pananampalataya ay bunga ng kaligtasan, hindi isang bagay na kayang gawin ng sinoman para sa kanyang kaligtasan. Kaya, ang pananampalataya, kasama ng ibang mga mabubuting gawa, ay nakikitang totoong **bunga** sa mga buhay ng mga taong **iniligtas na** ng Dios:

At nang marinig ito ng mga Gentil, ay nangagalak sila, at niluwalhati ang salita ng Dios: at ***nagsisampalataya ang lahat ng mga itinalaga*** *sa buhay na walang hanggan. (Mga Gawa 13:48)*

...ang ***bunga*** *ng Espiritu ay pagibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan,* ***pananampalataya*** **.... (Mga Taga Galacia 5:22)*

Sapagka't sa inyo'y ipinagkaloob alangalang kay Cristo...upang manampalataya sa kanya.... (Mga Taga Filipos 1:29)

Mapalad ang tao na iyong pinipili, at ***pinalalapit*** *mo sa iyo .... (Mga Awit 65:4a)*

At aking ilalagay ang aking espiritu sa loob ninyo, at ***palalakarin*** *ko kayo ng ayon sa aking palatuntunan, at inyong iingatan ang aking mga kahatulan, at isasagawa. (Ezekiel 36:27)*

T7. Bakit sa wari ay tayo ay inuutusan ng Dios na gumawa ng mga mababuting gawa (katulad ng "humingi", "hanapin", "kumatok"), kung totoong tayo ay walang dapat na gagawin para sa ating kaligtasan?

S. Sa panahon ngayon, sa pamamagitan ng Biblia,

ang buong Salita ng Dios, ang Dios ay patuloy at sapilitan pa ring humihingi ng ganap na pagsunod natin sa Kanya katulad ng pag-utos Niya kay Adan at Eba sa Hardin Ng Eden. Bago nahulog si Adan at Eba sa kasalanan, sila ay nakakasunod ng ganap sa mga batas ng Dios. Sa pagkakahulog ni Adan at Eba sa kasalanan, gayon pa man ay hindi nabawas ang pananagutan natin sa batas ng Dios. Ito ang dahilan kung bakit si Cristo, na tinawag na pangalawang Adan, ay pumarito para tumayong mamagitan sa Kanyang mga hinirang at ng Dios. Ginawang lahat ito ni Cristo upang tuparin lahat ng hinihingi ng Dios (humingi, hanapin, kumatok, manampalataya, atbp.) ng ganap, alang-alang sa Kanyang mga hinirang. Sa katotohanan, si Cristo lamang ang SIYANG makakagawa ng katanggap-tanggap na kabayaran sa mga kasalanan ng mga taong kanyang ililigtas. Ito ang dahilan kung bakit hindi mo masasabi na may ginawa ka para sa iyong kaligtasan kung ikaw nga ay talagang ligtas na:

Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili: ito'y kaloob ng Dios.
(Mga Taga Efeso 2:8)

Bagama't naalaman na ang tao ay hindi inaaring-ganap sa mga gawang ayon sa kautusan, maliban na sa pamamagitan ng pananampalataya ni Jesucristo…at hindi dahil sa mga gawang ayon sa kautusan: sapagka't sa mga gawang ayon sa kautusan ay hindi aariing-ganap ang sinomang laman. (Mga Taga Galacia 2:16)*

At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang pangalan [maliban kay Jesus'] *sa silong ng langit na ibinigay sa mga tao, na dapat tayo maligtas. (Mga Gawa 4:12)*

T8. Malalaman ba natin kung tayo ay malapit na sa katapusan ng mundo?

S. Oo. Ang kahatulan ng Dios ay nagumpisa na sa mga simbahan, at naglalapit na sa paghuhukom sa Huling Araw, na magaganap sa pagdating ng Panginoong Jesus. **Tayo ay nasa panahon na ng Dakilang Kapighatian ngayon.** Ang Biblia ay ganap na nakatuon sa mga simbahan na siyang lugar ng dakilang kapighatian. Ito ang panahon ng kagutuman sa tunay na Ebangelio ng buong Biblia lamang (Amos 8:11,12), dadami ang mga "tanda at kababalaghan," at "malayong pagtatatalikwas" ng mga simbahan (II Mga Taga Tesalonica). Tunay nga, ang "Panginoon ay malapit na" (Mga Taga Filipos 4:5b):

Sapagka't dumating na ang panahon ng pasimula ng paghuhukom sa bahay ng Dios.... (I Ni Pedro 4:17a)

Sapagka't, narito, ako'y nagpasimula ng gumawa ng kasamaan sa bayang tinawag sa aking pangalan.... (Jeremias 25:29a)

*Sapagka't kung magkagayo'y magkakaroon ng **malaking kapighatian**, na ang gayo'y di pa nangyayari sa pasimula ng sanglibutan hanggang ngayon, at ni hindi na mangyayari kailanman...Sapagka't may magsisilitaw na mga bulaang Cristos, mga bulaang propeta, at mangagpapakita ng mga dakilang tanda ng kababalaghan .... (Mateo 24:21, 24)*

Datapuwa't alamin mo ito, na sa mga huling araw ay darating ang mga panahong mapanganib. (II Kay Timoteo 3:1)

Sapagka't darating ang panahon na hindi nila titiisin ang magaling na aral; kundi pagkakaroon nila ng kati ng tainga, ay magsisipagbunton sila sa kanilang sariling mga gurong ayon sa kanilang sariling mga masasamang pita. At ihihiwalay sa katotohanan ang kanilang mga tainga, at ibabaling sa katha. (II Kay Timoteo 4:3, 4)

T9. Paano hinahatulan ng Dios ang mga simbahan at bakit?

S. Ang mga simbahan ay hinahatulan dahil sa kanilang matagal at paulit-ulit na paghihimagsik laban sa salita ng Dios. Sa kanyang paghuhusga, ipinaubaya na sila sa kanilang sariling pita at ginagagamit ng Dios si Satanas (kasuklamsuklam na Paninira) at ang kanyang mga bulaang propeta (ang "mga hukbo," Lucas 21:20) na kasama ang kanyang mga maling doktrina at mga tanda ng kababalaghan (panaginip, pangitain, iba't ibang wika, pagpapatimbuwang - II Mga Taga Corinto 11:3, 4, 13-15; II Mga Taga Tesalonica 2:9-12; Apocalipsis 20:7-9). Tunay nga, na si Satanas, ang "anak ng kapahamakan," ay pinayagan na ng Dios na pumasok at maghari sa mga simbahan:

At ipinagkaloob sa kaniya [kay Satanas] *na makipagbaka sa mga banal at pagtatagumpayan sila: (Apocalipsis 13:7a)*

*...ang anak ng kapahamakan; Na sumasalangsang at nagmamataas laban sa lahat na tinatawag na Dios o sinasamba; ano pa't **siya'y nauupo sa templo ng Dios,** na siya'y nagtatanyag sa kaniyang sarili na tulad sa Dios. (II Mga Taga Tesalonica 2:3c, 4)*

Isa pang nakakasakit na bahagi ng malaking paghihirap ay ang paglisan ng Banal na Espiritu sa mga simbahan, katulad ng paglisan Niya sa tumalikod na kapulungan ng Matandang Tipan:

Kung magkagayo'y ang aking galit ay magaalab laban sa kanila sa araw na yaon, at aking pababayaan sila, at aking ikukubli ang aking mukha sa kanila... ano pa't sasabihin nila sa araw na yaon, hindi ba ang mga kasamaang ito ay dumating sa atin dahil sa ang ating Dios ay nawala sa atin? (Deuteronomio 31:17)

Sapagka't ang hiwaga ng kasamaan ay gumagawa na: lamang siya [ang Banal na Espiritu] *na siyang pumipigil ngayon, ay patuloy na pipigil,* hanggang sa siya* [ang Banal na Espiritu] *ay alisin sa kalagitnaan.* (II Mga Taga Tesalonica 2:7)*

Mahalagang maintindihan na ang umpisa ng malaking kapighatian ay ang katapusan ng kapanahunan ng pagbibigay ng testimonyo ng "dalawang saksi," ang mga kumatawan sa pagpadala ng Ebanghelio sa kapanahunan ng mga simbahan:

At pagka natapos nila [ang dalawang saksi] *ang kanilang patotoo, ang hayop na umahon mula sa kalaliman ay babaka sa kanila, at pagtatagumpayan sila, at sila'y papatayin. (Apocalipsis 11:7)*

Nguni't pagkatapos ng panahon ng katahimikan, ang dalawang saksi ay minsan pang titindig sa "kanilang paa" (v. 11). Nangangahulugang ang dakilang gawa ng Dios sa pagliligtas ng Kanyang hinirang ay patuloy hanggang sa katapusan ng araw. Nguni't ang Kanyang paggagawa nito ay sa labas ng mga simbahan, sa pamamagitan ng ministeryo ng indibidual na tao o mananampalataya.

T10. Kung ang mga simbahan ay nasa ilalim ng paghuhusga, ano kung gayon ang aking gagawin?

S. Habang ang mga mahalagang hula o propesiya ito ay nangyayari, inuutusan ng Biblia ang lahat na mananampalataya na lumisan na ng mga simbahan:

*Kayo'y magsitakas para maligtas, kayong mga anak ni Benjamin, mula sa gitna ng **Jerusalem...**sapagka't ang kasamaan ay natatanaw sa hilagaan, at isang malaking paglipol. (Jeremias 6:1)*

*Kaya nga pagkakita ninyo ng ang **kasuklamsuklam na paninira,** na sinalita sa pamamagitan ng propeta Daniel, na natatayo sa **dakong banal** ...Kung magkagayo'y magsitakas sa mga bundok ang mga nasa **Judea:** (Mateo 24:15, 16)*

Datapuwa't pagka nangakita ninyong nakukubkob na ng mga hukbo ang Jerusalem, kung magkagayo'y talastasin ninyo na ang kaniyang pagkawasak ay malapit na. Kung magkagayo'y ang mga nasa Judea ay magsitakas sa mga bundok; at ang mga nasa kalagitnaan ay magsilabas; at ang mga nasa parang ay huwag pumasok sa bayan. Sapagka't ito ang mga araw ng paghihiganti, upang maganap ang lahat na nasusulat. (Lucas 21:20-22)*

Sa mga taludtod na ito, ang "Jerusalem," "Judea" at ang "dakong banal" ay bumabangit sa "malaking bahay" (II Kay Timoteo 2:20), ang makalupa, panglabas na mga simbahan ng mundo. Ang walang hanggang (eternal) simbahan - ang "Jerusalem **na nasa itaas**" (Mga Taga Galacia 4:26), *ang **"makalangit na Jerusalem"*** (Sa Mga Hebreo 12:22) - yaon ang Simbahan na itinayo ni Cristo (Mateo 16:18), at binubuo **lamang** ng mga taong kanyang iniligtas magpakailanman. Sila ang mga taong mamumuhay na kasama Niya magpakailan pa man sa langit (Apocalipsis 21). Hangga't maaari, tayo ay dapat makipagtipon sa ibang mga tunay na mananampalataya (Sa Mga Hebreo 10:25), ngunit hindi sa loob o kaya'y bilang isang simbahan.

***** Ang taludtod na ito ay isinalin ng may ganap na kawastuan batay sa orihinal na kasulatan**.**

Siyasatin ninyo ang inyong sarili, kung kayo'y nangasa pananampalataya; subukin ninyo ang inyong sarili.
II Mga Taga Corinto 13:5a

Contact Information

Darius Quijano (Chula Vista)**:**
619 328 6843 / dariusquijano@yahoo.com

Cecilia Montemayor (LA)**:**
H) 213 250 8416

Lea Osias (Anaheim)**:**
714 932 8892 / learosias@yahoo.com

Zin Yi (Lake Elsinore)**:**
716 833 9563 / ZinYi14216@Yahoo.com

***Join Us* on the Internet**
24/7 Bible Teaching & Reading
LIVE Worship, Study and Q & A times:
***Sun**. 10:00-Noon*
Wed**. 3:30-5:00 p.m. / **Fri**. 4:30-5:30 p.m., **PT
(Visit www.ZinYi.com, choose "Click to Listen")

For More Information:

*www.***DistinctlyandRightly***.com*

www.*GoodMessage*.org

www.**ZinYi**.com

Philippines Broadcasting:

RADYO NATIN / Kapalong 88.7 FM
New Corella 99.1 FM
9pm -11pm, 7 days per week

General Santos City / DXGS 765 kHz
Monday - Saturday 12:00noon - 2:00pm
Sunday 11:00am - 1:00pm

Zamboanga City / DXXX 1008 kHz
9:00am - 11:00am, 7 days per week

PHILRADIO / DYRB 540 kHz
Cebu City, Philippines
12pm – 2pm, 7 days per week

Ozamis City / DXOC 1494 kHz
12pm – 2pm, 7 days per week

OK to Copy and Modify {HTG60923USA}